San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

(619) 725-5506

Carl A. Cohn
Superintendent of Schools

Hunyo 2007

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga,

Tayo ay halos makakatapos na ng isang matagumpay na taon. Ibig kong bigyan ng panahong pasalamatan kayo sa mga ibinigay ninyong suporta sa pag-aaral sa bahay at pagkakataong mapaglingkuran ang inyong mga mag-aaral at mag-anak sa pamamagitan ng ating mga paaralan. Ang pagsulong na ating samasamang tinatahak ay higit na nakahihikayat.

Salamat sa inyo, ang San Diego Unified School District ay pinaiigsi ang puwang ng magagawa, natutupad at lumalampas sa mga hinahanap ng U.S. para sa Adequate Yearly Progress (AYP), tinutulungan ang lalong maraming mag-aaral na maging matatas sa English, nilalampasan ang resulta ng pang-estadong California High School Exit Exam (CAHSEE), at humuhusay ang Academic Performance Index (API) ng marami sa ating mga paaralan. Sa buong distrito, ang lahat ng grupo ng mga mag-aaral dito ay nadaragdagan ang kanilang natutupad, at 12 pang Title I Paaralang Nagtatagumpay ay pinarangalan kamakailan sa kanilang pambihirang pakinabang. Inaakit namin ang marami pang mga mag-aaral na kunin ang mga mapaghamong kurso ng Advanced Placement sa mataas na paaralan. Masisiyahan din kayong malaman na 14 sa ating mataas na paaralan ay nanalo ng karangalang 2007 buhat sa Newsweek Magazine sa pagkakahanay sa America's Best High Schools. Kailangang ipagpatuloy nating paunlarin ang mga pagpupunyaging ito.

Pito pa sa ating mga mababang paaralan ay tumanggap kamakailan ng pagpapatibay ng Board of Education na maging paaralang kindergarten hanggang ikawalong baitang. Isang bagong Arabic Language Program ay idinudulog sa Carver Elementary School. Idinudulog din namin ang tatlong programang magnet sa taglagas sa Barnard Mandarin Chinese Language Program, Birney Elementary Academy of International Studies at Florence Griffith Joyner Elementary Micro Society Magnet School. Sa pagpapalista, tawagan ang (619) 725-5672 o tunghayan sa www.sandi.net at pindutin ang *enrollment options*.

Nasisiyahan kami na ang Lincoln High School at apat na ibang bagong napakagandang mga paaralan ay magbubukas nitong taglagas. Kabilang dito ang mga mababang paaralang Luther Burbank, Florence Griffith Joyner at Lauran G Rodriguez at ang Thursgood Marshall Middle School. Ang pagpapatayo nitong mga bagong paaralan at pagpapaganda ng maraming nakatayong paaralan ay naisagawa dahil sa matalinong paggamit ng pondong Proposition MM, na kamakailan ay namuhunan ulit sa maliit na tubo upang pangalagaan ang milyong salapi ng bayang nagbabayad ng buwis.

Salamat sa mga mapagtangkilik na mga magulang, mga guro, mga tagapangasiwa at matulunging mga kawani, tayo ay patungo sa pagiging pinakamahusay na sambayang paaralang distrito ng America. Sumainyo ang kaaya-ayang tag-init!

Buong katapatan,

Carl A. Cohn
Tagapamahala ng mga Paaralan

PAHABOL. Magkakaroon ng magaang na pagpapalista sa mga bagong mag-aaral sa ika-23 ng Hulyo hanggang ika-24 ng Augusto, 2007, sa tanghaling tapat hanggang ika-7 ng gabi, sa Roosevelt Middle School, 3366 Park Blvd. Pakiusap na magpalista.